

Sabihin sa amin kung ano ang iniisip mo!

Pinahahalagahan ng UnitingCare ang lahat ng mga papuri, reklamo at puna (feedback).

Ipinapaalam sa amin ng mga papuri kung ano ang ginagawa namin nang maayos at ibabahagi namin ito sa aming mga kawani at mga nauugnay na pangkat ng serbisyo.

Mayroon kang karapatan na **paibestigahan nang patas ang iyong mga reklamo**, sa isang napapanahong paraan, at paalamin sa kinalabasan ng iyong reklamo.

Ang iyong pangkalahatang feedback - positibo o negatibo - ay malugod na tinatanggap dahil nakakatulong ito upang mapagbuti ang kalidad ng serbisyo ng ibinibigay namin.

Upang magbigay ng papuri, magreklamo o mag-alok ng feedback, maaari kang:



Makipag-usap nang harapan sa isang may-kinalamang kawani



Tawagan kami sa: 1800 008 993 (toll free*) sa mga oras ng opisina 8:30am - 4:30pm para makipag-usap sa isang may-kinalamang kawani.



Sumulat sa: Incidents and Complaints Advisor GPO Box 967, Brisbane Qld 4001



Email: Feedback@uccommunity.org.au



Bisitahin ang aming website: eapu.com.au

*Libreng tawag kung gagamitin ang landline



Funded by

Queensland Government

Pakikipag-ugnayan sa Queensland Elder Abuse Helpline

1300 651 192

Mga Oras ng Pagbubukas

Lunes hanggang Biyernes, 9am - 5pm
(message bank pagkatapos ng oras ng opisina)

Mga Interpreter

May makukuhang Serbisyo ng Interpreter sa Telepono (Telephone Interpreter Service) para sa mga tumatawag na hindi nagsasalita ng Ingles

Mga tumatawag sa interstate

Telepono 07 3867 2525

(Ang karaniwang mga singil ay ilalapat kaya't mangyaring hilingin sa amin na tawagan ka)

Email: eapu@uccommunity.org.au

Website: eapu.com.au

Yunit ng Pagpigil ng Pang-aabuso sa Matatanda (Elder Abuse Prevention Unit)



Pagtataguyod sa karapatan ng lahat ng matatanda upang mabuhay nang malaya sa pang-aabuso

1300 651 192

V2 - 17 June 2022

Ipinagmamalaki na bahagi ng



UnitingCare

Ipinagmamalaki na bahagi ng



UnitingCare

Ano ang Pang-aabuso sa Matatanda?

Ang Pang-aabuso sa Matatanda ay minsanan o paulit-ulit na kilos, o kawalan ng naaangkop na aksyon na nagdudulot ng pinsala o pagkabalisa sa isang matanda, na nagaganap sa anumang relasyon kung saan dapat ay may pagtitiwala. (World Health Organization 2002)

Sino ang maaaring maapektuhan?

Mahirap mang isipin, ang pang-aabuso sa matatanda ay nangyayari araw-araw. Maaari itong mangyari sa sinumang matanda, anuman ang kasarian, kultura, yaman, kapansanan, pagka-independyente o sitwasyon sa pag-aalaga. Kadalasan, ang pang-aabuso sa matatanda ay nangyayari sa mga relasyon sa pamilya, lalo na sa pagitan ng isang matanda at ng kanyang nasa hustong gulang na anak na lalaki o babae. Ang pang-aapi sa matanda (ageism) ay may malaking negatibong epekto sa mga taong tumatanda sa ating komunidad. Ang ageism ay may epekto o nakakapinsala at sumasalamin sa mga negatibong saloobin at mapang-abusong pag-uugali sa pagtanda at sa matatanda. Hindi binabawasan ng pagtanda ang iyong karapatang maging ligtas at igalang.

Mga uri ng pang-aabuso

Pinansyal na Pang-aabuso – Ang ilegal o hindi wastong paggamit at/o maling pamamahala ng pera, ari-arian o mapagkukunan ng isang tao

Kapabayaan – Ang pagtanggì o kabiguan ng isang tagapag-alaga o responsableng tao na tiyaking natatanggag ng matanda ang mga pangangailangan sa buhay

Pisikal na Pang-aabuso - Ang pagpapataw ng pisikal na sakit o pinsala, pisikal na pamimilit o pagkait ng kalayaan

Sikolohikal na Pang-aabuso - Ang magdulot ng pagdurusa sa isip, na kinasasangkutan ng mga kilos na sanhi upang magkaroon ng panganib ng karahasan, mahiwalay ang sarili o mapagkaitan, at mga damdamin ng kahihiyang, pagkagalit at kawalan ng kapangyarihan

Sekswal na Pang-aabuso – Anumang hindi ginugustong sekswal na pag-uugali, pananalita, o gawain na nagpaparamdam sa isang tao na maging hindi komportable, matakot, o makaramdam na pinagbabantaan

Panlipunang Pang-aabuso – Ang sinadyang pagpigil sa isang matanda na makihalubilo sa lipunan, sa pamilya o mga kaibigan o makasama sa mga aktibidad sa lipunan na kanyang pinili

Ano ang Elder Abuse Helpline?

Ang aming kumpidensyal na Elder Abuse Helpline ay isang contact point para sa sinumang nakaranas, nakasaksi o naghinjala na ang isang matanda ay inaabuso ng isang taong kilala at pinagkakatiwalaan niya, na kadalasan ay isang miyembro ng pamilya.

Ang Elder Abuse Helpline ay isang mapagkukunan ng impormasyon, suporta, at pagsangguni tungkol sa pang-aabuso sa matanda, at tungkol sa pagprotekta sa mga karapatan, dignidad at kalayaan ng mga matatanda.

Dapat ko bang tawagan ang helpline?

Ang nagsimula sa maliit ay hindi palaging nananatiliing maliit sa pagdaan ng panahon, kaya't mahalagang makipag-ugnayan nang maaga. Kahit sino ay maaaring makipag-ugnayan sa helpline at humingi ng suporta. Kung ang isang tao ay nasa agarang panganib, dapat kang tumawag sa pulisya sa Triple Zero (000).

Ano ang mangyayari kapag tumawag ka sa helpline?

Ang pagharap sa pang-aabuso sa nmatatanda ay maaaring maging isang nakakalito, masakit, nakakabagabag at kung minsan ay napakabigat na sandali para sa mga matatanda, mga pamilya at sinumang nakasaksi nito. Ang mga konteksto kung saan nangyayari ang mga sitwasyon ng pang-aabuso sa matatanda ay kadalasang kumplikado at may iba't ibang bahagdan.

Kapag tumawag ka sa Elder Abuse Helpline, pag-uusapan natin ang iyong mga alalahanin nang ligtas at kumpidensyal, na makakatulong sa iyong matasa ang panganib, pag-aralan ang mga gawi (dynamics) ng relasyon, maghanap ng mga landasin at mga opsyon, magtanong at matuto nang higit pa tungkol sa mga serbisyo ng suporta. Naglalaan kami ng oras upang makinig at maunawaan ang iyong sitwasyon at nag-aalok ng isang ligtas, magalang na espasyo para makapag-usap. Tinatangap din namin ang mga tawag mula sa mga tagapagbigay ng serbisyo tulad ng mga GP, espesyalista, sikayatris, sikologo, social worker, iba pang mga kaalyadong pangkat ng kalusugan at mga pulis. Mayroon kami mapaghihingahan ng sama ng loob at suporta para sa mga propesyonal at front-line na manggagawa.

Ang hindi namin ginagawa

- Hindi kami linya ng krisis
- Hindi kami isang ahensyang nag-uulat
- Hindi kami nagsasagawa ng case work
- Hindi namin sinisiyasat ang mga kaso ng pang-aabuso sa matatanda

Gayunpaman, may mga ahensya na nagsasagawa ng mga gawaing ito sa ilang partikular na sitwasyon. Makakatulong ang Elder Abuse Helpline na talakayin at ikonekta ka sa mga serbisyong nauugnay sa iyong sitwasyon.

Kami ay para sa mga matatanda!

Narito ang Elder Abuse Helpline para partikular na tumuon sa mga pangangailangan ng mga matatanda. Narito kami upang itaguyod ang mga karapatan ng mga matatanda upang mabuhay nang masagana, ligtas at makabuluhan.